Education
Public Schools






# IMPORMASYON UKOL SA KALIGTASAN NG KALSADA

**IKAW AY RESPONSABLE PARA SA KALIGTASAN NG INYONG MGA ANAK KAPAG SILA AY NAGLALAKBAY PAPUNTA AT MULA SA PAARALAN.**

# Magbisikleta nang maingat

Habang ang mga nakababatang anak ay nagsisimula pa lamang matuto ng mga kasanayang kinakailangan upang sumakay nang mag-isa, ang pinakaligtas na lugar para magbisikleta, mag-scooter at mag-skateboard ay sa loob ng nababakurang lugar.

Hanggang ang mga bata ay hindi pa umaabot sa 10 taong gulang, hindi sila dapat makipagsabayan sa mga sasakyan at mga driveway. Habang nag-aaral silang sumakay (ng bisikleta), mahalagang sumakay o lumakad kang kasabay nila at pag-usapan kung paano maging maingat sa pagbibisikleta.

Ang mga batang 10 hanggang 12 taong gulang ay hindi dapat sumakay (ng bisikleta) sa mga abalang kalsada.

Ang mga bata na wala pang 16 taong gulang at ang mga nasa hustong gulang na kasama nila at umaalalay sa kanila ay maaaring sumakay (ng bisikleta) sa daang-lakaran (foot path), maliban kung may mga karatulang nagbabawal sa pagbibisikleta.

**Turuan ang inyong mga anak na maging maingat sa pagbibisikleta sa pamamagitan ng pagpapaalala sa kanila na laging:**

- sundin ang mga panuntunan sa pagbibisikleta sa kalsada kabilang ang:
  - magbisikleta sa kaliwa ng mga daang-lakaran (footpath)
  - bigyan ng right of way ang mga tao sa daang-lakaran
  - matyagan ang mga sasakyan na pumapasok o lumalabas sa mga driveway
- isuot ang kasukat na helmet na pambisikleta – ito ang batas
- magsuot ng matingkad na damit tulad ng tsaleko upang sa gayon ay makita ka ng iba pang mga gumagamit ng kalsada.

**Para sa karagdagang suporta**

Pumunta sa programa ng kagawaran na Edukasyon sa Kaligtasan sa Kalsada https://education.nsw.gov.au/road-safety-education o bisitahin ang https://education.nsw.gov.au at hanapin ang edukasyon sa kaligtasan sa kalsada.

**Para sa nakakatandang mga anak, pag-isipang mabuti ang sumusunod kapag pinagpapasyahan ang kakayahan nilang sumakay (ng bisikleta) nang nagsasarili:**

- Gaano kaligtas ang rutang lalakbayin?
- Kumusta ang kanilang mga kasanayan sa pagsakay (ng bisikleta)?
- Gaano sila kamulat sa trapiko sa kanilang paligid?
- Gaano kahusay nilang nalalampasan ang di-inaasahang mga panganib?

Ang iyong paaralan ay magkakaroon ng mga patakaran para sa mga estudyanteng nagdadala ng mga bisikleta sa loob ng paaralan. Tiyaking sinusunod ng inyong mga anak ang mga ito sa lahat ng oras.

